

## DISENYONG UGNAYANG SUSI SA ARALIN AT PAGKATUTO (USAP):GAMIT SA PANANALIKSIK

April Anne D. Lasala, PhD/Felisa D. Marbella, PhD

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon  
Paaralang GradwadoLungsod Sorsogon

**Abstrak:** Natiyak sa pag-aaral na ito ang (1) Disenyong ugnayang susi sa aralin at pagkatuto (USAP): Gamit sa pananaliksik, probinsya ng Sorsogon, taong panuruan 2021-2022 sa piling paksa sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. Quasi-eksperimental na disenyo ang ginamit sa pananaliksik. Random sampling ang ginamit na desinyo sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral na may kabuong bilang na 90 kalahok, 30 guro, 30 control na pangkat at 30 mag-aaral sa experimental na pangkat mula sa dalawang paaralan na mayroong Teknikal Bokasyunal na Strand. Isang pagsusulit ang ginamit sa pre-test at posttest. Gumamit ang mananaliksik ng rubrik sa pagsusuri ng mga awtput ng mga mag-aaral. Nagsagawa rin ng panayam para sa mas lalong ikakaganda ng pag-aaral. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang frequency, mean at t-test. Lumalabas na mas mataas ang marka na nakuha ng mga nasa control na pangkat para sa paunang pagsusulit na isinagawa ng mga mag-aaral at mas mataas na marka naman ang nakuha ng mga nasa experimental na pangkat para sa Posttest o sa panapos na pagsusulit. Mayroong mahalagang pagkakaiba ang performans lebel ng mga nasa control at eksperimental na pangkat. Epektibo ang paggamit ng Disenyong USAP. Iba-iba ang mga suliraning kinaharap ng mga kalahok na guro at mga kalahok na mag-aaral batay sa oberbasyon ng gurong kalahok sa pag-aaral. Inirerekomenda na gamitin ang disenyong USAP sa pagtuturo ng asignaturang Pagbasa at pagsusuri ng Iba't Ibang teksto tungo sa Pananaliksik. Bigyang-pansin ang mga nabuong awtput ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Paunlarin ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng panimulang pananaliksik. Magsagawa ng mga salingkurang pagsasanay na makapagpapaulad sa kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik ng mga mag-aaral. Magkaroon ng silid-imbakan ng mga nabuong pananaliksik sa bawat mga paaralan sa Probinsya ng Sorsogon upang maging karagdagang reperensya ng mga susunod pang mga mag-aaral.

**Susing-salita:** performans lebel, pananaliksik, desinyong USAP, pretest, posttest

### I. INTRODUKSYON

Ang pananaliksik ay isang aktibo, matiyaga at sistematikong proseso ng pagsisiyasat para matuklas, makapagbigay ng interpretasyon, o baguhin ang katotohanan, pangyayari, asal, teorya, o makagawa ng praktikal na aplikasyon sa tulong ng mga makatotohanang pangyayari, batas o teorya. Ito rin ay tumutukoy sa paglalarawan ng mga tinipong impormasyon tungkol sa isang partikular na paksa. Ang pananaliksik ay pahayag sa mataas na lebel ng pagsusulat at dahil nangangailangan ito ng pangangalap ng mga datos, pag-iimbestiga, pagsusuri, pagbibigay hinuha, at sa pagtatapos ay pagbibigay kongklusyon at rekomendasyon.

Ayon kay Kothari (2004)<sup>1</sup>, ang pananaliksik ay isang siyentipikong pag-iimbestiga at sistematikong pagtuklas ng mga impormasyon ukol sa tiyak na paksa. Sistematiko ang pananaliksik sa kadahilanang may isang tiyak na hanay ng mga hakbangin ang kailangang maisagawa. May ilang bagay sa proseso ng pananaliksik na kailangang matamo upang makuha ang higit at angkop na resulta.

Isa na rito ang tinatawag na E-learning na mga kagamitang ng pagkatuto ay ginampanan ang isang mahalagang papel sa panahon ng pandemyang ito, na tumutulog sa mga paaralan at unibersidad na mapabilis ang pagkatuto ng mag-aaral sa pagsara ng mga unibersidad at paaralan (Subedi et al.,2020)<sup>2</sup>. Ngunit ang pag-aaral sa pamamagitan ng nakalimbag at digital na modyul ay pinakagustong pamamaraan ng pag-aaral ng mga magulang na may mga anak na nakatala sa taong panuruan 2020 (Bernardo,2020)<sup>3</sup>.

Nilalayan ng Programang K to 12 kurikulum sa kurikulum ng batayang edukasyon ng Pilipinas na makatugon sa pangangailangang malinang ang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng bawat mag-aaral. Sa katunayan, binibigyang-diin nito ang “buo at ganap” na gradwadong nagtataglay ng mga kasanayan sa ika-21 siglo

kabilang na ang kritikal na pag-iisip, paglutas ng suliranin at kahandaan sa paglutas ng mga suliranin sa pamamasukan sa hinaharap, sa pangangalakal o kaya para sa panggitna at pangmataas na antas ng edukasyon (K to 12 Toolkit, 2021)<sup>4</sup>.

Sa patuloy na pagdukal ng kaalaman, kasama ang masusi at malinaw na pagtuklas ng mga kaalaman sa pagbuo ng isang mahusay na pananaliksik ay kaagapay ang matinding pagbabago. Ang gawaing pananaliksik ay may layuning tumuklas ng makabagong kaalaman, magpatnubay ng umiiral na teorya, makapagbibigay ng bagong interpretasyon, magbigay linaw sa pinagtatalunang isyu at mapatunayan ang bisa at katotohanan ng isang ideya, (Anatacio, 2016)<sup>5</sup>.

Ang mga layuning ito ay gabay para sa pagtahak ng mga mananaliksik sa pagpili ng kanilang papaksain. Mapipisil ang pagbuo ng pananaliksik mula sa haykul hanggang kolehiyo at madadala pa ito sa paglinang ng propesyong pagtuturo sa mataas na gradwadong pag-aaral. Maaaring walang humpay ang pag-alam at pagsasanay sa mga kakayahang ito upang mas mapatindi pa o magawa ng malaliman. Ang Senior High School ay mayroong mga asignatura na may kinalaman sa Pananaliksik. Isa na dito ang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang teksto tungo sa Pananaliksik bilang core subjects sa lahat ng strand sa Senior High School.

Kung kaya't saad ni Romero (2016)<sup>6</sup> sa pagbibigay linaw hinggil sa papel ng pagtukoy sa kahalagahan ng pananaliksik, gagabayan ang mag-aaral na magmula sa pagsagot sa serye ng mga tanong sa halip na sa pagharap kaagad sa malawak na tanong na "Bakit mahalaga ang aking pananaliksik?" Isang proseso ng pagsusuri ang pagdadaan ng mga mag-aaral na binubuo ng mga sumusunod: (1) pagbasa ng halimbawang teksto ng pananaliksik at pagtukoy sa mga nakapahayag na kahalagahan niyon; (2) pagsusuri sa naging gamit ng kahalagahan ng pananaliksik sa teksto (teknikal na aspekto); (3) pagsusuri sa naging epekto ng pagpapakilala sa kahalagahan ng pananaliksik sa mismong mananaliksik at sa kanyang target o posibleng mambabasa (inter/intrapersonal); at (4) paglulugar ng kahalagahan ng sariling pananaliksik kung saan susuriin ang mahalagang salik ng sariling proyekto ng pag-aaral tulad ng inaasahang maapektuhan ng impormasyong ibabahagi at ng mga layunin at bisang nais maiwan sa mga mambabasang iyon.

Ilan sa mga ito ang kabatirang nakikita mula sa pag-aaral ni Romero (2016) na sa pagtatapos ng proseso, kailangang mabatid ng mga mag-aaral na isang masusing pagpapalano rin ang pagbuo ng kahalagahan ng pananaliksik kung saan napagtagpo-tagpo ang mga salik tulad ng mga namamayaning patakaran o polisiya sa lipunan na maaaring pinatitibay o hinahamon ng pananaliksik; magkakatunggaling pananaw mula sa iba't ibang indibidwal, pangkat o institusyon; mga kasalukuyang nang pag-aaral sa paksa na maaaring madagdagan o mabaliko ng pananaliksik; mga metodolohiya ng pag-aaral na umiiral o maaring paunlarin pa na makatutulong sa kalalabasan ng pananaliksik at sariling pananaw o karanasan na nais ibahagi sa iba.

Sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pananaliksik, isinama ang Pagbasa at Pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa Pananaliksik upang maging isang asignatura sa Senior High School. Pinapaksa sa asignaturang ito ang iba't ibang teksto at ang introduksiyon sa Pananaliksik. Ang makabuo ng isang panimulang pananaliksik ay ilan sa mga gawain na dapat ay maisagawa ng mga mag-aaral sa Senior High School ngunit dahil sa kakulangan ng oras at kagamitan ay hindi ito nagiging posible sa mga mag-aaral sapagkat kulang na kulang ang kanilang kaalaman upang makabuo nito.

Kaya naman, isang inobasyon ang nabuo batay kay Khatri (2017)<sup>7</sup> sinabi niya na ang bawat paksa sa bawat aralin ay nangangailangan ng branded innovations na siyang magiging daan sa pagkakaroon ng isang matatas na antas ng performans ng mga mag-aaral. Ang nasabing inobasyon ay nangangailangan din ng malawak na pang-unawa kung papaano naging makabuluhan ang para sa lahat ang nasabing inobatibo sa pagtuturo ng mga guro.

Sa obserbasyon ng mananaliksik, sa pagpasok ng makabagong suliranin sa pag-aaral sa panahon ng pandemya gamit ang estratehiyang malayuang pagtuturo, mas naging mababa ang grado ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang teksto tungo sa pananaliksik na nakakuha ng 62.89 bilang performans lebel ng mga mag-aaral sa ika-labing isang baitang sa taong panuruan 2020-2021, ikalawang semester, Casiguran Technical Vocational School, Casiguran, Dibisyon ng Sorsogon.

Resulta nito, karamihan ay hirap kahit na sa paggawa ng simpleng pamagat o suliranin sa isang pananaliksik. Kalimitan ay hindi na gaanong nagbabasa ng mga aralin ang mga mag-aaral sa bawat modyul o mga sanayang papel na ibinibigay ng guro. Dahil sa malayuang pagtuturo, hindi na rin gaanong nagagabayan ng guro ang bawat mag-aaral kung ito ba talaga ay natututo batay lamang sa mga isinusumiteng mga sagutang papel, ang balidasyon ng pagkatuto ay isa sa mga nais na mapunan at magawan ng solusyon sa kasalukuyang pag-aaral na ito.

Nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagtukoy dala ng kahinaan na rin sa bokabularyo sa siyang isa sa pinakamahalaga upang makabuo ng isang simple at mahusay na panimulang pananaliksik. Ito ay pinatunayan ni Vizcarra (2003), sinabi niya na ang pananaliksik ay sistematiko, kontrolado, emperiko at kritikal na pag-iimbestiga sa haypotetikal na pahayag tungkol sa inaakalang relasyon o ugnayan ng mga natural na phenomenon.

Batay sa naging karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik napag-alaman nito na kulang at hindi sapat ang kagamitan na ginagamit sa pagtuturo. Maikli ang panahon na naibibigay sa mga mag-aaral upang makabuo ng mahusay na pananaliksik, kung kaya't pinatutunayan ito ayon sa pag-aaral nina Arrogante (2007) na ang pagsulat ng pananaliksik ay kinakailangang mayroong sapat na panahon sa paghahanda upang matasa ng maayos at mas malinaw ang mga awtput sa pananaliksik.

Binanggit sa pag-aaral nina Birjandi at Hadidi T.N (2012)<sup>10</sup> na kinakailangang mapayaman sa kritikal na pag-iisip ang mga materyal na gagamitin sa pananaliksik. Ito ay magsisilbing batayan ng mananaliksik upang sa pagbuo ng panibagong estratehiya ay maiakma ang mga kinakailangang mga kasanayan sa pagbuo ng pananaliksik.

Napuna ng mananaliksik na mas kailangang magsagawa ng panibagong estratehiya at kagamitan upang mapunan ang mga pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa panahon ng pandemya. Nabuo ang Disenyong ugnayang susi sa aralin at pagkatuto na naglalaman ng mga aralin sa pananaliksik, sa tulong ng kagamitang elektroniko, mabibigyang linaw ang paggamit ng Disenyong USAP upang magkaroon pa rin ng komunikasyon ang mag-aaral at ang guro habang nasa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Layunin din matulungang mapataas ang performans lebel ng mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang pag-aralan at suriin ang Disenyong ugnayang susi sa aralin at pagkatuto: Gamit sa Pananaliksik na magagamit ng mga mag-aaral at guro sa pananaliksik.

## **II. LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Natiyak sa pag-aaral na ito ang (1) performans lebel ng mga mag-aaral sa TVL sa piling paksa sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik sa paunang pagsusulit at panapos na pagsusulit ng control at eksperimental na pangkat(2) mahalagang pagkakaiba ba ng performans lebel sa pre-test ng mga mag-aaral sa Control at Eksperimental na pangkat (3) mahalagang pagkakaiba ba ang performans lebel sa posttest ng mga mag-aaral sa Control at Eksperimental na pangkat (4) ang mga suliraning kinaharap sa Implementasyon ng Disenyong USAP.

## **III. PAMAMARAANG GINAMIT**

Quasi-Eksperimental na disenyo ang ginamit sa pananaliksik. Random sampling ang ginamit na disenyo sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral na may kabuong bilang na 90 kalahok, 30 guro, 30 control na pangkat at 30 mag-aaral sa experimental na pangkat mula sa dalawang paaralan na mayroong Teknikal Bokasyunal na Strand. Isang pagsusulit ang ginamit sa pre-test at posttest. Gumamit ang mananaliksik ng rubrik sa pagsusuri ng mga awtput ng mga mag-aaral. Nagsagawa rin ng panayam para sa mas lalong ikakaganda ng pag-aaral. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang frequency, mean at t-test.

## **IV. MGA NATUKLASAN**

**Performans Lebel ng mga Mag-aaral sa TVL sa Piling Paksa sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Paunang Pagsusulit at Panapos na Pagsusulit ng Control at Experimental na Pangkat.**

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang performans lebel ng mga mag-aaral sa mga piling paksa sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksikgamit ang disenyong USAP. Mula sa dalawang pangkat ang mga mag-aaral na binigyan ng pauna at panapos na pagsusulit mula sa control at experimental na pangkat.

### **Talahanayan 1**

**Performans Lebel ng mga mag-aaral sa Pre-test at Post test**

<b>Pagsusulit</b>	<b>Control na Pangkat</b>	<b>Kwalitatibong Interpretasyon</b>	<b>Experimental na Pangkat</b>	<b>Kwalitatibong Interpretasyon</b>
Pre-test	53.47	Did not meet Expectation	45.23	Did not meet Expectation
Post test	68.5	Did not meet Expectation	85.7	Very Satisfactory

**Pananda:**

90-100 Outstanding

85-89 Very Satisfactory

80-84 Satisfactory  
 75-79 Fairly Satisfactory  
 Below 75 Did Not Meet Expectation

Sa performans lebel ng mga mag-aaral, makikita na mayroong marka na 53.47 ang mga nasa control na pangkat na may deskripsyon na Did not meet expectation para sa isinagawang pre-test at mayroon namang 68.5 na may deskripsyon na Did not meet expectation para sa isinagawang Posttest.

Para naman sa experimental na pangkat, nakakuha ng 45.23 na may deskripsyong Did not meet expectation at nakakuha naman ng 85.7, very satisfactory para sa Posttest o sa panapos na pagsusulit

Sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik, lumalabas na mas mataas na marka ang nakuha ng mga nasa control na pangkat para sa paunang pagsusulit na isinagawa ng mga mag-aaral na naglalaman ng mga gawaing may kaugnayan sa pagsulat ng pananaliksik. Ito ay nagpapatunay na kailangang isagawa o ilapat ang disenyong usap upang makatulong sa pagdaragdag ng kaalaman ng mga mag-aaral. Nakakuha naman ng mas mataas na marka ang mga nasa experimental na pangkat para sa Posttest o sa panapos na pagsusulit, ito ay nagpapatunay lamang na mas naging mataas ang performans lebel ng mga mag-aaral para sa mga nasa experimental na pangkat sa tulong ng nabuong disenyong USAP.

Ang mga mag-aaral sa Senior High School ay mayroong kabuuang kaaya-ayang performans pagdating sa pananaliksik. Ang akademik track na mga mag-aaral ay nagtataglay ng mga kinakailangang kakayahan at kaalaman kumpara sa mga mag-aaral na nasa TechVoc track ito ay ayon sa pag-aaral ni Valiano (2007)<sup>12</sup> Kung kaya't masasabi batay sa resulta ng pananaliksik na ito na mas kailangang bigyan ng tuon ang mga mag-aaral na nasa TechVoc track lalong lalo na pagdating sa mga araling may kaugnayan sa Pananaliksik.

**Pagkakaiba ng Performans Lebel sa pre-test ng Control na pangkat at eksperimental na pangkat**

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang pagkakaiba ng performans lebel sa pre-test ng control na pangkat at eksperimental na pangkat. Ang mga kalahok ay mula sa Control at Experimental na pangkat na nagmula sa mga mag-aaral sa Senior High School.

**Talahanayan 2**

**Pagkakaiba ng Performans Lebel sa pre-test ng control at eksperimental na Pangkat**

Statistical Bases	Statistical Analyses	
	Control Group	Experimental Group
$t_{\text{computed}}$	5.96	18.10
Decision on Ho	Reject	Reject
Conclusion	Significant	Significant

*Level of significance = .05*

*Degree of freedom = 29*

$t_{.05} = 1.70$

Makikita sa Talahanayan bilang 4 na ang  $t_{\text{computed}}=5.96$  ay mas mataas sa  $t_{\text{tabular}}=1.70$  na may degree of freedom na .05 alpha level of significance, ang null hypothesis ay rejected para sa control na pangkat. Sa kabilang banda, ang  $t_{\text{computed}}=18.10$  ay mas mataas sa  $t_{\text{tabular}}=1.70$  na may 29 bilang degree of freedom na .05 alpha level of significance, ang null hypothesis ay rejected para sa experimental na pangkat. Kung kaya't, parehong pangkat ay lumalabas na nakakuha ng mahalagang pagkakaiba sa performans lebel ng mga-mag-aaral sa paggamit ng USAP.

Lumalabas batay sa kabuoang resulta ng pag-aaral, na mayroong mahalagang pagkakaiba ang performans lebel ng mga mag-aaral na nasa control at experimental na pangkat, bagamat makikita na pareho itong may mahalagang pagkakaiba, mapapansin na mas mnagkaroon ng mahalagang pagkakaiba ang mga mag-aaral na nasa eksperimental na pangkat resulta ng paggamit ng USAP. Kagaya ng iba pang mga kagamitang pampagtuturo lalong lalo na sa pagsulat ng pananaliksik, mapapansin na nagkakaroon ng mas mataas na perfromans ang mga mag-aaral kung ito ay gumagamit ng mga materyal na nagmumula mismo sa inobasyong ginagawa ng mga guro.

Katuwang ng bawat mag-aaral ay ang pagbabahagi din ng mga kaalaman ng kani-kanilang mga magulang o sa kanilang kapaligiran, marahil nagkakaroon ng mas malawak na pag-unawa ang mga mag-aaral kung ito ay mayroong iba pang mga taong kasangkot sa pagdukul ng kaalaman lalong lalo na sa panahon ng pandemya, makikita ang mas malawak na epekto sa mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sapagkat naging limitado ang kanilang

kapaligiran sa pag alam at pag-unawa ng bagay sa paligid at ang pagkakaroon ng mas malawak na pinanggagalingan ng suporta ay nagreresulta sa pagkakaroon ng mas mataas ding performans lebel. Napakahalaga ng naging resulta ng pag-aaral sapagkat dito mas natukoy ang kahagahan ng pag-iimplimenta ng iba pang estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagamit ng USAP.

Lumabas sa pag-aaral ni Farooq (2011)<sup>12</sup>, upang masiguro na tama ang nakukuhang mga kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, nagsagawa ng pag-aaral na malaman ang iba't ibang salik na nakakaapekto sa akademikong performans ng mga mag-aaral naging resulta ng pag-aaral na may malaking epekto ang socio economic status (SES) at maging ang edukasyong matamo ng mga magulang ay isa sa malaking impluwesya sa mga mag-aaral sa pagkakaroon ng mataas na antas ng pangkabuoang akademik performans.

Ito marahil ang dahilan kung bakit nagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa performans lebel ng mga mag-aaral depende sa naging impluwensya ng kapaligiran at sa sistema ng edukasyon at ang natamong edukasyon ng pamilya.

**Pagkakaiba ng Performans Lebel sa post test ng mga nasa Control na pangkat at eksperimental na Pangkat**

Makikita sa Talahanayan 3 ang pagkakaiba ng performans lebel sa pre-test ng mga nasa Control na pangkat at eksperimental na pangkat. Ipinapakita dito ang resulta mula sa isinagawang pag-aaral mula sa mga mag-aaral na kalahok sa senior high school.

**Talahanayan 3**

**Pagkakaiba ng Performans Lebel sa post test ng mga nasa Control at eksperimental na pangkat**

<b>Statistical Bases</b>	<b>Statistical Analyses</b>
$t_{\text{computed}}$	4.96
Decision on Ho	Reject
Conclusion	Significant

*Level of significance = .05*

*Degree of freedom = 58*

*$t_{.05} = 1.$*

Makikita sa talahanayan 5 na ang  $t_{\text{computed}}=4.96$  ay mas mataas sa  $t_{\text{tabular}}=1.00$  na mayroong 58 bilang degree of freedom na .05 alpha level of significance, ang null hypothesis ay rejected. Kung kaya't, sa pag-aaral na ito tungkol sa implementasyon ng disenyong USAP ay masasabing mayroong mahalagang pagkakaiba sa performans lebel ng mga mag-aaral sa TVL sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teskto tungo sa pananaliksik. Batay sa nabuong resulta ng pag-aaral sa pag-alam sa mahalagang pagkakaiba ng performans lebel sa panapos nitong pagsusulit, makikita na ito ay mas naging epektibo sapagkat ang mga mag-aaral na nasa eksperimental na pangkat ay mayroong mas naging mataas na marka matapos magamit ang USAP.

Mahalaga ang resulta ng nasabing datos sapagkat ito ang magpapatunay na sa kabila ng mga modyul na ginagamit ng mga mag-aaral sa Senior High School, makatutulong din ang nabuong disenyong USAP ng mananaliksik sa pagkakaroon ng karagdagag kalaaman at mas lalong mapahusay gamit ang mga iba-ibang halimbawa dahil ang mga mag-aaral ay mas mabilis na matuto kung ito ay may mga nakalatag na mga halimbawa.

Sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman, gamit ang disenyong USAP makikita batay sa resulta ng pag-aaral na ito ay nakakuha ng mas mataas na marka kung kaya't masasabing ito ay epektibo sa pamamagitan ng mga kasanayang nahahasa sa mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng nabuong kagamitang pampagtuturo.

Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga mahahalagang awtput sa pananaliksik at nagkakaroo ito ng kamlayan sa tama at wastong paggamit ng mga Teknik sa pananaliksik. Napakalaking tulong ito para sa mga mag-aaral sapagkat dito nasusuri kung natuto ba ang mag-aaral na nakabatay sa bawat mga kasanayang pampagkatuto.

Kung kaya't sa pag-aaral ni Montejo (2019)<sup>13</sup> na may pamagat na "Performance in Narrative Essay Writing and Teacher's Perception: Input to Improve Writing Output," lumalabas na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi nakaabot sa pamantayan na ibinibigay sa pagsulat ng naratibong sanaysay batay sa naging pagtataya na nakatuon sa pokus, elaborasyon, organisasyon, kombensyon at integrasyon. Batay sa resulta ng pag-aaral at sa datos na lumabas sa pag-aaral na ito, mas makabubuti na magkaroon ng masusing pagkatuto upang makabuo ng isang mahusay na awtput ang mga mag-aaral.

**Suliraning kinakaharap sa Implementasyon ng Disenyong USAP.**

Gamit ang interbyu isked, kinapanayam ng mananaliksik ang mga kalahok na guro at mga mag-aaral upang malaman ang mga suliraning kinaharap sa Implemestasyon ng Usap sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't

Ibang teksto tungo sa Pananaliksik. Ang mga ideyang tinuran ng mga kalahok ay mas binigyan ng diin upang mas lubusang maunawaan ang kani-kanilang mga kasagutan.

Narito ang ilang pahayag ng mga kinapanayam na guro.

Guro 1:

*“Maganda naman ang disenyong USAP. Naiiba sa ibang mga kagamitang pampagtuturo. Kaya lang lahat ba ng lebel ng pang-unawa ng mga mag-aaral ay maaaddress nito? Ito yong nakita kong suliranin dito.*

Guro 2:

*“Malinaw ang layunin angkop din ang mga gawain sa layunin, maikli at limitado lamang ang pagtalakay sa paksa. Ang mga kasanayan ba na ginamit dito ay mula sa MELCs?”*

Guro 3:

*“Magaan at mas madaling masagutan ng mga mag-aaral sa Senior High School, angkop ba ang at kaya itong matapos ng mga mag-aaral sa loob ng nakatakdang oras..”*

Makikita na ang tatlong (3) kalahok na nagpahayag ng kanilang suliranin sa pagbuo ng disenyong usap. Batay sa kalahok na guro 1, naging suliranin sa USAP ay ang lebel ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Makikita sa mga naging suliranin ng mga guro ay halos nakatuon sa nilalaman ng binuong sanayang papel, ito ay mas binigyang pansin ng mananaliksik upang maging gabay sa muling pagrerebisa ng mga nasabing suliranin.

Ito ay mas minabuting paikliin ng mananaliksik upang mas mabilis itong maunawaan ng mga mag-aaral. Kaya naman, isang inobasyon ang nabuo batay kay Kathri (2017) sinabi niya na ang bawat paksa na bawat aralin ay nangangailangan ng branded innovations na siyang magiging daan sa pagkakaroon ng isang matatas na antas ng performans ng mga mag-aaral. Ang nasabing inobasyon ay nangangailangan din ng malawak na pang-unawa kung papaano naging makabuluhan ang para sa lahat ang nasabing inobatibo sa pagtuturo ng mga guro.

Para naman sa kalahok na guro 2, naging suliranin at hamon ang pagkakagamit ng MELC sa sanayang papel. Ang paglalahad ng mga layunin sa nasabing gawain ay hinalaw mula sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) na kung saan ay binigyang diin lamang ang mga pinakamahalagang mga kasayang dapat na matutunan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. Dahil sa mga naging karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng nasabing asignatura, gumamit ng mga modyul na nagtataglay ng mga mahahabang gawain at aralin kung saan ito ang nakita ng mananaliksik na isa sa mga naging suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng pananaliksik.

Kung kaya't batay sa resulta ng pag-aaral ni Badayos (2018)<sup>15</sup>, ang kagamitang pampagtuturo ay nararapat na akma sa layunin at sa pangangailangan ng mga mag-aaral at nilikha ayon sa kanilang pangangailangan.

Batay naman sa kalahok na guro 3, naging suliranin niya sa USAP ay ang takdang panahon para sa pagtatapos ng mga gawain. Sa pagtuklas ng mga kaalaman, mas mainam na magkaroon ng isang gawain na naglalaman lamang ng pinakamahahalaga na susukat sa kaalaman upang sa pagbuo ng nasabing awtput ay maging kapaki-pakinabang ito.

Dahil sa naging suliranin ng mga guro ang pagkakaroon ng mas mahahabang modyul na naging resulta ng pagbaba ng mga marka ng mga mag-aaral dala ng hindi na ito binabasa sapagkat sa malayuang pagtuturo ay nagkakaroon ng hindi balidong pagtatasa ng mga marka kung ito ba ang gawa mismo ng mga mag-aaral o hindi.

Ang mga gawain sa nabuong sanayang papel ay umaakma sa haba ng oras at panahon na kailangang igugol ng mga mag-aaral sa pagbubuo ng kani-kanilang awtput sa pagsulat ng pananaliksik. Ang mga aralin ay naglalayong maipabatid sa mga mag-aaral sa tulong ng mga magkakaugnay na Gawain upang mas malinang ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignatura.

Pinatutunayan ni Abesamis et.al, (2016)<sup>16</sup> upang ganap na matutunan ang estilo, pangangailangan, paraan, kasanayan, tuntunin at kalikasan ng pagsulat, kinakailangang ganap na maipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang pagsulat. Kinakailangang maunawaan nilang mabuti ang bawat detalye na bumubuo at nagbibigay kalinawan sa gawaing ito. Kinakailangang maging matiyaga ang isang manunulat sapagkat paulit-ulit ang prosesos nito hanggang sa makabuo ng isang mahusay na sulatin o awtput.

Guro 4

*“Dahil maikli lamang ang nilalaman, mas makatutulong sa mga mag-aaral sa mas malinaw na pag-unawa sa bawat aralin, kaya lang ay kulang ito sa disenyo upang mas maging kaakit-akit sa mga mambabasa”*

Guro 5

*“Maayos naman ang pagkakalahad ng mga aralin dito sa Disenyong Usap. Maaaring dagdagan ito ng mga gawaing pang motibasyon para sa mga bata”*

Guro 6

*“Maayos at malinaw na nailahad ang layunin ng mga aralin. Kaya lang ito ay kulang sa mga pambungad na gawain na kinakailangan upang maihanda ang isipan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsasagot sa anumang*

*gawain. Maraming Salamat sa pagkakataon na iyong ibinigay upang makapagbigay ako ng kaunting suhestiyon dito sa iyong disenyong pampagtuturo. Malaki ang maitutulong nito sa ating mga mag-aaral”*

Naging suliranin ng kalahok na guro bilang 4 ang tungkol sa pagkakaroon ng maayos na disenyo o ang pangkabuoang biswal na representasyon sa mga mambabasa. Upang matugunan ang suliraning ito, mas minabuti ng mananaliksik na dagdagan ito ng disenyo na aakma pa rin sa bawat aralin at ito ay mas maging kaakit-akit sa mga mambabasa na hindi mababago ang nilalaman at hindi makakaapekto sa pangkabuoang awtput.

Sinasabing ang pananaliksik ay isang pandalubhasang sulatin na nangangailangan ng sapat na panahon ng paghahanda, matiyaga at masinsinang pag-aaral, maingat, maayos at malayuning pagsulat para mayari at mapangyari itong maganda, mabisa at higit sa lahat, kapaki-pakinabang sa pagpupunyagi, Arrogante (2007)<sup>17</sup>. Kung kaya’t kasama sa pagiging mahusay na awtput ay ang pagiging malinaw at maganda sa mata ng mga mambabasa sa tulong ng mga simple ngunit may kabuluhang mga disenyo.

Sa kasalukuyan, masasabing mas nagiging epektibo sa mga mag-aaral ang mga babasahing nagtataglay ng mga larawan at disenyo dahil mas natutulungan sila nitong mas matuto sa mas mabilis na pamamaraan. Nagiging kaakit-akit sa mata ng mga mambabasa ang mga babasahin.

Makikita batay sa pahayag ng guro na kalahok bilang 5 at 6 ay halos magkapareho lamang ito pagdating sa suliranin na may kaugnayan sa motibasyon at pambungad na gawain sa aralin na ginamit sa disenyong USAP.

Isa sa pinaka importanteng nilalaman ng bawat gawain ay ang mga pambungad o ang motibasyon. Kung kaya’t sa panahon ng pandemya, nabago ang estilo ng pagkatuto kasabay din ng pagbabago sa estilo ng mga kasanayang gawain sa loob ng paaralan, mas minabuti ng mananaliksik na huwag ng lagyan ng mga pambungad na gawain upang ito ay mas maging maikli at matapos sa takdang oras ng mga mag-aaral ang kani-kanilang mga gawain. Dala rin ng pagtitipid sa mga paaralan, hindi rin matatasa ng guro ang espesipikong isasagot ng mga mag-aaral para sa pambungad na gawain.

Kaya’t sinasabi ni Nicolas (2013)<sup>18</sup> sa kanyang pag-aaral na kung hangad ng isang gurong matamo ang kanyang layunin dapat niyang iangkop ang pamamaraan sa paksa, sa kakayahan at kapakinabangan ng mga mag-aaral at hindi lamang siya nakabatay sa makalumang pamamaraan ng pagtuturo bagkus ay bukas ang kanyang isipan na tanggapin at gamitin ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo sa mas modern, magaan, at mabisang pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral.

*Guro 7*

*“Angkop ang mga gawain sa USAP, ito ay maikli lamang na mas makatutulong sa mga bata sa pag-unawa sa pananaliksik. Bigyang diin mo lamang dito ang pagiging simple at panatilihing ito ay “readable”*

*Guro 8*

*“kailangan dito ng sapat na panahon sa pagbibigay ng disenyong ito sa mga mag-aaral upang mabatid ang pangkalahatang layunin at masaklawan lahat ng MELC ng DepEd”*

*Guro 9*

*“Ang pagiging matipid sa lahat ng bagay ay mayroong maidudulot na mabuti. Ang disenyong ito ay makatutulong sa lubusang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pananaliksik. Sa pamaraang ito, kaunti lamang ang ginamit na pahina upang mas hindi kabagot-bagot sa mga mag-aaral ang pagbabasa ng lahat ng mga araling nakalahad”*

Makikita ang mga suliraning kinaharap ng mga kalahok bilang 7, 8 at 9. Sinasabi ng kalahok bilang 7 na ang suliraning kinaharap ay ang pagpapanatiling readable ang babasahin. Anumang gawain ay kinakailangan na ito ay madaling nauunawaan at madaling nababasa ng mga mag-aaral. Sa pagbuo ng disenyong usap, isinaalang-alang ng mananaliksik na maging simple ang nilalaman upang ito ay maging epektibo sa mga mambabasa. Gumamit din ng akma ng sukat sa pagbuo ng mga gawain upang ito ay maging readable.

Sa naging karanasan ng mananaliksik, ang mga kagamitan ay nailathala sa mga di akma ng sukat dahil sa pagtitipid sa papel na naging dahilan ng pagkakaroon ng non-readable na mga kagamitang pampagtuturo. Ang iba sa mga kagamitan ay ibinigay na lamang sa pamamagitan ng elektronikong kagamitan upang mas madali ang komunikasyon at mas makatipid ito sa pag-iimprinta ng papel.

Kung kaya’t sa pag-aaral na ito mabibigyan ng pansin ang pagiging mapanuri sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na maging malinaw at mabilis basahin dahil sa ang nilalaman nito ay simple lamang.

Batay naman sa kalahok na guro bilang 8, suliranin sa kasapatan ng panahon na ibinigay sa mga mag-aaral upang ang mga aralin ay madaling matapos ayon sa itinakdang araw. Upang masunod ang takdang oras at panahon sa pag-iimplimenta ng disenyong usap, ito ay ibinatay sa Curriculum Guide ng departamento ng edukasyon kasabay ang mga codes sa bilang ng mga lingo na kailangang gamitin ang sanayang papel na ito.

Kung masusunod ang bilang ng mga oras at araw na itinakda sa pagsasagawa at pagsasagot sa mga aralin ay mababatid ang kaakmaan sa oras at panahon na kinakailangan para sinasabing asignatura.

Tulad ng ibang gawain, ang pananaliksik ay may sistemang sinusunod. Hindi naaaksaya ang oras at panahon, maging ang salapi kung ang gawain ay nasa ilalim ng prosesong dapat munang sundin Ordonez (2007)<sup>19</sup>. Sa pagsisimula hanggang sa pagtatapos, ang pananaliksik ay gawaing may proseso o sistema.

Batay naman sa kalahok na guro bilang 9, naging hamon sap ag-aaral na ito ay ang sukat ng pangkabuoang aralin. Kagaya ng mga naunang pahayag ng mga kalahok na guro, makikita na halos pareho ang kanilang obserbasyon sa pagtuturo ng pananaliksik. Hindi kailangan na ito ay masyadong mahaba sapagkat ito ay nakakabagot para sa mga mambabasa. Kahit na tayo ay may sinusunod na mga pamantayan, kinakailangan pa ring sundin kung ano sa tingin ng nakararami ang maaaring baguhin upang mas magaan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik ay isang kumplikadong gawain na nangangailangan ng iba't ibang mga kasanayan. Ilan sa mga ito ay ang kaalaman sa bawat disiplina; kaalaman sa mga kaugnay na disiplina; kamalayan sa pilosopikong mgs usapin; mga kasanayan sa pananaliksik; kaalaman sa mga estratehiya sa pananaliksik at disenyo at kapasidad na magamit ito Thomas (2004)<sup>20</sup>.

Guro 10

*"..Mahusay ang pagkakabuo ng Usap, malinis at madaling maunawaan ng mga mag-aaral lalo na sa SHS. Maaari itong ikonekta sa subject na Practical Research upang maging continuation na lamang ito ng mga mag-aaral sa kanilang ginagawang pananaliksik. Pinapayagan ko kasi na gamitin ang mga nabuong pananaliksik sa wikang tagalog, so hindi masasayang ang output ng mga bata..."*

Guro 11

*"The content of the material gives emphasize on the topics that are needed by the learners, it is simple and gives examples that could help students learn easily.."*

*(Salin: "Ang nilalaman ng kagamitang pampagtuturo ay binigyang tuon ang mga paksa na kinakailangan ng mga mag-aaral, ito ay simple at nagbigay ng mga halimbawa na nakatulong ng magaan sa mga mag-aaral")*

Makikita ang suliraning kinaharap ng kalahok na guro 10 at 11 na nakatuon sa paggamit ng nabuong awtput. Sa pagbuo ng pananaliksik, napakahalaga na matutunan ng mga mag-aaral ang mga tamang proseso nito.

Kung kaya't maaari itong maging kasangkapan sa pagpapatuloy ng pananaliksik sa iba pang asignatura sa Senior High School. Ang Senior High School ay mayroong asignaturang tinatawag na Practical Research 1 at 2. Dito susukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng paggawa ng mahusay na pananaliksik.

Ito ay umaakma batay sa pag-aaral ni Bernales (2002)<sup>21</sup>, upang higit na malinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, ginawa itong bahagi ng kurikulum sa lahat ng antas ng edukasyon mula elementary hanggang kolehiyo. Nababatid na sa pagdukal ng kaalaman ay may kaakibat na responsibilidad para sa mga mag-aaral sa kanilang tuwid na pagkatuto.

Narito naman ang ilang mga pahayag mula sa kinapanayam na mga mag-aaral:

Mag-aaral 1

*"Nung una mejo mahirap unawain pero dahil merong mga sample naging madali ang pag-unawa ko,sa design mejo kulang gusto ko may mga drawings dahil ako ay isang artist mas naaappreciate ko ang may mga designs and colors..."*

Mag-aaral 2

*"mahirap ang ibang mga activity, pero nasagutan ko naman po ito ng maayos. Wala pong masyadong drawings, sa mga modules kase merong mga drawing drawing pa.."*

Mag-aaral 3

*"clear naman po ang mga lessons na nilagay dito sa sanayang papel, kaya lang wala po itong mga designs"*

Makikita ang mga suliraning kinaharap ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral na ito, ayon sa kalahok 1, 2 at 3 pare parehong naging suliranin ay ang pangkabuoang disenyo ng nabuong USAP. Nakatuon sa biswal na pagsusuri ang mga kalahok na mag-aaral. Ang mga mag-aaral ng iika-dalawamput isang siglo ay mas natututo kung ang kanilang mga binabasa ay mayroong mga disenyo, hindi masyadong plain sa paningin ng mga mag-aaral. Marahil ang mga mag-aaral ay hindi pa gaanong naeexpose sa mga babasahing simple at wala masyadong mga disenyo.

Ang mga aklat na nabuo at ginagamit ng mga mag-aaral ay hitik sa mga larawan kung kaya't ito ang kanilang hinahanap sa presentasyon ng kagamitang nabuo ng mananaliksik.

Mag-aaral 4

*"Magayon nan diyot lang an mga simbagan dili pareho san mga modyul na insimbagan namon na ka mga halaba"*

Mag-aaral 5



*“Para sa akin, magaan lamang ang pagkatuto ko dito sa aralin, mayroon itong mga halimbawa kung kaya’t mas madali kong natutunan ang mga aralin”*

Mag-aaral 6

*“Mas madali kong naintindihan dahil merong mga examples...”*

Makikita batay sa mga hamon at suliraning kinaharap ng mga kalahok na mga mag-aaral bilang 4, 5 at 6 sa pag-aaral na ito ay ang sukat ng nabuong disenyo USAP. Mas minabuti ng mananaliksik na paikliin ang nilalaman ng bawat mga aralin nang sa gayon ay mas madali itong mababasa at mauunawaan ng mga mag-aaral. Matapos mapansin ng mananaliksik ang kahabaan ng mga modyul na nabuo at ginamit ng mga mag-aaral, mas naging madali para sa mga mambabasa at pagbasa ng kabuoang nilalaman ng bawat aralin.

Malaking tulong ito sa pag-unawa ng mga mag-aaral at matapos sa itinakdang oras ang lahat ng mga aralin sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang teksto tungo sa Pananaliksik na karaniwang nagiging suliranin kahit hindi pa man malayuang pagtuturo at pagkatuto.

Mag-aaral 7

*“Naunawaan ko ang mga nilalaman ng bawat gawain, ito ay nakatulong saakin ng mabuti upang maunawaan ko ng maayos ang pagkakasunod-sunod sa paggawa ng pananaliksik, noong una akala ko mahirap ang paggawa ng pananaliksik”*

Mag-aaral 8

*“Gumamit ng simpleng mga salita, magaan lang basahin kaya naunawaan ko ang bawat aralin at mga gawain sa sanay-saliksik”*

Mag-aaral 9

*“...Okay man po ini na insimbagan namon nasabutan po namon ki maray, dahil halip-ot lang po and madali ko po natapos ang mga activity”*

Makikita ang mga inilalahad na suliranin natamo ng mga kalahok na mga mag-aaral bilang 7, 8 at 9, sinasabi nilang dahil sa naging maikli at simple lamang ang mga salita na ginamit sa sanayang papel ay mas madali nila itong nasagutan at naintindihan ang mga gawaing inilalahad. Nakatulong ng malaki sa bawat kalahok ang malinaw at simpleng presentasyon ng mga datos na nagdulot sa pagiging mapanuri sa mga gawaing pananaliksik.

Sinasang-ayunan sa pag-aaral ni San Juan (2020)<sup>22</sup> na ang pagiging simple at paggamit ng magaan salita ay mas nakatutulong ng malaki sa pag-unawa sa mga araling may kinalaman sa pananaliksik.

Mag-aaral 10

*“Tinatamad tlga akong magbasa, pero itong ginamit namin ay natapos ko and binasa kong mabuti. Mas natutunan ko ang proseso ng pagsulat ng pananaliksik dahil detalyado and wala maxadong keme”*

Mag-aaral 11

*“nasagutan ko sa tamang oras ang mga ibinigay na Gawain, Mas okay saakin na wala ng masyadong mga drawing para mas mabilis kong mabasa at hindi ako ma destruct”*

Makikita ayon sa mag-aaral na kalahok bilang 10 ay ang suliranin at hamong kinaharap sa implemenstasyon ng disenyo USAP ay nakatuon sa kasanayan sa pagbasa. Sa kadahilangang mas nakatuon ang pansin ng mga mag-aaral sa kung gaano kahaba ang mga paksa sa bawat aralin. Nagiging kabagot-bagot na ito para sa mga mag-aaral sapagkat kung masyadong mahaba ang mga nilalaman ng bawat mga babasahin ay nawawalan ng ganang bumasa at makaunawa ang mga mag-aaral.

Napakalaking tulong na inilagay lamang ang mga pinakamahalagang paksa sa aralin upang maging mas maikli ito kung ikukumpara sa mga modyul na nabuo. Mas natututo ang mga mag-aaral kung ang bawat aralin ay nakasulat o nakapahayag sa mas maikli ngunit kumpleto pa rin ang nilalaman.

Batay naman sa kalahok na mag-aaral bilang 11 ay nakatuon naman sa haba ng oras sa pagtatapos ng nasabing mga aralin. Mas natututo ang bawat mag-aaral kung ito ay responsable sa oras na kinakailangang matapos ang bawat Gawain. Sa tulong na rin ng guro na tagagabay, mas nagiging magaan ang pag-unawa sa mga aralin. Sinasabi din ng kalahok na mas Mabuti sakanya na wala na gaanong disenyo o mga larawan ang nasabing kagamitan.

## **V. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Lumalabas na mas mataas ang marka na nakuha ng mga nasa control na pangkat para sa paunang pagsusulit na isinagawa ng mga mag-aaral at mas mataas na marka naman ang nakuha ng mga nasa experimental na pangkat para sa Posttest o sa panapos na pagsusulit. Mayroong mahalagang pagkakaiba ang performans lebel ng mga gumamit at di gumamit ng disenyo USAP. Epektibo ang paggamit ng Disenyo USAP. Iba-iba ang mga suliraning kinaharap ng mga kalahok na guro at mga kalahok na mag-aaral batay sa oberbasyon ng gurong kalahok sa pag-aaral. inirerekomenda na gamitin ang disenyo USAP sa pagtuturo ng asignaturang Pagbasa at pagsusuri ng

Iba't Ibang teksto tungo sa Pananaliksik. Bigyang-pansin ang mga nabuong awtput ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Paunlarin ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng panimulang pananaliksik. Magsagawa ng mga salingkurang pagsasanay na makapagpapaunlad sa kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik ng mga mag-aaral. Palawakin ang saklaw ng mga gawain na may kaugnayan sa Pananaliksik. Magkaroon ng silid-imbakan ng mga nabuong pananaliksik sa bawat mga paaralan sa Probinsya ng Sorsogon upang maging karagdagang reperensya ng mga susunod pang mga mag-aaral. Bumuo ng mga palihan kaugnay sa pagsulat ng pananaliksik nang sa gayon ay mas maraming mga mag-aaral ang magkaroon ng interes sa pagsulat ng iba't ibang pananaliksik. Magsagawa ng iba pang mga pag-aaral na may kaugnayan sa Performans lebel ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang Usap.

#### **TALASANGGUNIAN**

- [1]. Kothari C.R. (2004). Research Methodology. Methods and Techniques. New Age International (()) Limited, Publishers
- [2]. Subedi S.S. (2020). Impact of E-learning during COVID-19 Pandemic among Nursing Students and Teachers of Nepal. International Journal of Science and Healthcare Research Vol.5; Issue:3;-July-Sept.2020
- [3]. Bernardo J. (2020). Modular Learning Most Preferred parents: Deped. ABS-CBN News.
- [4]. K to 12 Toolkit (2012). SEAMEO INNOTECH <https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2012/201209-k-to-12-toolkit.pdf>
- [5]. Anatacio H.C. (2009). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Quezon City: C&E publishing Inc.
- [6]. Romero, K. 2016. Paglulugar ng Kahalagahan ng Pananaliksik Sa Baitang 10 sa Filipino. <https://journals.ateneo.edu/ojs/indez.php/Katipunananarticle/viewFile/KA2016.00109/2180>
- [7]. Khatri, R. Henderson, C., Cole R.S. Characteristics of well propagated Teaching Innovations for Undergraduate STEM Disciplines' International Journal of STEM Education, v4 2017, p 2
- [8]. Vizcarra F.O (2003). Introduction to Educational Research. Great Books Trading.
- [9]. Arrogante J.A (2007). Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. National Store, Mandaluyong City.
- [10]. (Birjandi P. (2012). The role of self Peer and Teacher assessment in Promoting Iranian EFL Lernasers' Writing Performance. Assessment and Evaluation in Higher education, 37, 513-533
- [11]. Valiano (2007). Research Competence in Senior High School. Unpublished Thesis. Sorsogon State College, Sorsogon City
- [12]. Farooq (2011). Factors affecting the Academic Performance. Sorsogon State College. Sorsogon City
- [13]. Montejo, Joy Sigue 2019. Performance in Narrative Essay Writing and Teacher's Perception: Input to Improve Writing Output. 5<sup>th</sup> International Conference on Philippine and Asian Studies Language Culture and Media, Book of Abstract. De La Salle Lipa, Batangas, May 9-11, 2019, 34.
- [14]. Khatri, R. Henderson, C., Cole R.S. Characteristics of well propagated Teaching Innovations for Undergraduate STEM Disciplines' International Journal of STEM Education, v4 2017, p 2
- [15]. Badayos, PB (2012). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: Mga teorya, simulain at istratehiya. Makati City, PH: randwater Publications and Research Corporation
- [16]. Abesamis N.R. (2016). Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Filipino I sa Kolehiyo). Lungsod ng Valenzuela. Mutya Publishing House Inc.
- [17]. Arrogante J.A (2007). Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. National Book Store, Mandaluyong City
- [18]. Nicolas (2013). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo. Sorsogon State College, Sorsogon City.
- [19]. Ordonez (2007). Modyul 1, Pagsulat ng Introduksiyon sa Pananaliksik.
- [20]. Thomas (2004). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang teksto tungo Sa Pananaliksik. Golden Gate Colleges.
- [21]. Bernales L. (2002). Mabisang Retorika sa wikang Filipino. Valenzuela City. Mutya Publishing House
- [22]. San Juan (2020). Suri Saliksik, Sanaysay: Mga babasahin sa Wika, Panitikan at Lipunang Pilipino. Sentro ng wikang Filipino-UP Diliman.